# Para sa pag-aayos ng kubeta Mag-ingat sa mga hindi inaasahang matataas na singil!

Biglang bumara ang kubeta. Kung magmamadali kayong tumawag sa isang kompanyang nag-aayos na nagsasabing mura sila, maaari kayong magkaroon ng hindi inaasahang problema!




\ Sandali lang! /

## Bago tumawag ng tagapag-ayos, 【Isagawa muna ang kayang gawing pang-emerhensiyang pag-aayos】

**Gawin ang pang-emerhensiyang pag-aayos, huminahon muna bago tumawag sa kompanyang nag-aayos upang magtanong ng tantiya sa halaga at humiling na ayusin.**




Gomang bomba

### 1 Kapag bumara

Maaaring maalis ang bara kapag binomba nang ilang beses upang sipsipin ang baradong tubig gamit ang gomang bomba.

### 2 Kapag may tumatagas na tubig

Kapag pinaikot pakanan ang balbulang panara gamit ang isang barya o distornilyador, ang tubig sa tubong nagbibigay ng tubig ay titigil.




Balbulang panara

Inedit at inilathala ng NCAC 国民生活センター NATIONAL CONSUMER AFFAIRS CENTER OF JAPAN

# Mga maaaring gawin upang maiwasan ang **problema**

## Bago humiling na ayusin

Ang murang patalastas sa internet ay hindi nangangahulugang mura talaga ang singil. Humiling ng ilang mga tantiya mula sa ilang kompanya at tiyakin ang mga detalye ng trabaho at ang presyo.
Mahalaga rin na alamin kung ang biyahe at pagtatantiya ay may bayad o libre.

## Sa oras ng pagpapatantiya ng halaga sa pag-aayos

Kapag nakakaramdam ng kahit kaunting pagkabalisa, sa oras na dumating ang isang kompanya upang magbigay ng tantiya at nagmumungkahi ng trabaho na mas mahal kaysa sa inaasahan, tanggihan ang trabaho.

## Pagkatapos maayos

Kapag mataas ang sinisingil na bayarin pagkatapos makumpleto ang trabaho, ipaalam sa kanila na babayaran ninyo sa ibang araw ang isang halagang mapapagkasunduan, tanggihan ang agad na pagbabayad. Kung sa tingin ninyo ay nakakapanganib ang pag-uugali ng tauhan ng kompanya nang tanggihan ang pagbabayad, tumawag agad sa pulisya.

## Laging maging handa sa emerhensiyang mga problema

### Kapag paupahang apartment

Magandang kumonsulta nang maaga sa may-ari o kompanyang namamahala sa apartment kung ano ang dapat gagawin sa oras ng emerhensiya.

### Kapag sariling bahay

Mangolekta ng impormasyon sa mga kompanyang maaasahan sa araw-araw.




Mangolekta ng impormasyon sa araw-araw

## Alamin din ang bagay na ito!

Kahit matapos nang bayaran, ang cooling-off ay posible sa mga sumusunod na kaso.

○ Kapag ginawa kaagad ang kontrata sa isang kompanyang tinawag para magbigay ng tantiya sa halaga
○ Kapag malaki ang pagkakaiba sa halagang ipinapakita sa patalastas, atbp. at sa aktwal na halagang sinisingil

**Tungkol sa sistema ng cooling-off**
https://www.kokusen.go.jp/e-hello/picks/data/coolingoff.html

● **Kapag nagkaroon ng problema, makiusap sa isang taong malapit at hilingin na ikonekta sa serbisyo ng konsulta-syon na nakalista sa ibaba, atbp.**

**Kontak kung saan maaaring kumonsulta gamit ang wikang Ingles, atbp.**
https://www.kokusen.go.jp/e-hello/map/index.html

Inedit at inilathala ng Public Relations Department, National Consumer Affairs Center
(Corporate Number: 4021005002918)
3-13-22, Takanawa, Minato-ku, Tokyo 108-8602, Japan
Dinisenyo at isinalin ng Interbooks, Co. Ltd.
Marso 2023 nilathala